JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhawahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan - Modyul 1:
## Pakikipagkapuwa-tao



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________



# Alamin

Magandang buhay

Ang ating lalawigan ay direktang nakararanas din ng mga trahedyang sumisira ng kabuhayan at minsan ay dahilan ng pagkitil ng buhay ng mamamayan. Tulad ng bagyo, lindol, pagputok ng bulkan o di kaya'y mga sakunang naranasan dahil sa kapabayaan ng tao tulad ng sunog, baha at aksidente sa kalsada, naisip nyo ba bilang nilalang ng Diyos ay may tungkulin din tayo sa ating kapwa? Paano kaya tayo makapagkawanggawa sa mga nangangailangan?

Sa modyul na ito, iyong matutuklasan ang kahalagahan ng pakikipagkapwa-tao.

Ang mga inihandang gawain sa modyul na ito ay naglalayon na patnubayan kayong makamit ang mga sumusunod na layunin:

**Kasanayang Pagkatuto:**

Nakapagsisimula ng pamumuno para makapagbigay ng kanyang tulong para sa nangangailangan.

1.1 biktima ng kalamidad
1.2 pagbibigay ng babala/impormasyon kung may bagyo, baha, lindol at iba pa.

**EsP5P-IIa-22**

Huwag mag-alala, kung ikaw nahihirapan ukol sa mga nilalaman ng bawat Gawain magsadya lamang sa **Suriin** nang kayo'y maliwanagan ukol sa paksang pinag-uusapan.

| Modyul 1 | Pakikipagkapwa-tao |
|---|---|

Sa araling ito, iyong mabibigyang kahulugan ang pagkakawanggawa at pagkamahahabagin sa pamamagitan ng pangunguna sa pagtulong sa mga nangangailangan



# Balikan

Ayusin ang mga letra sa loob ng kahon para makabuo ng salita. Isulat ang iyong sagot

sa sagutang papel.

A. ahab
B. goyba
C. ugson
D. dollin
E. namitsu
F. lidesland

Narito ang mga gabay na salita sa paglalaro ng letra.

1. Labis na pag-apaw ng tubig o paglawak ng tubig natatakpan ng lupa
2. Namumuong sama ng panahon na nagdudulot ng kalamidad sa ating bansa
3. Mabilis na pagkalat ng apoy
4. Malakas ang pagyanig ng lupa

Pagguho ng lupa dulot ng labis nap ag-ulan at kawalan ng ugat ng puno na kinakapit



# Tuklasin

Sa bahaging ito, ating tuklasin ang iba't ibang paraan ng pagkakawanggawa at pagkamahahabagin sa kapwa sa panahon ng kalamidad o sakuna.

**Gawain:**

**Panuto:** Pag-aralan ang mga larawan na nagpapakita ng iba't ibang paraan ng pagkakawanggawa at pagkamahahabagin sa kapwa. Pumili ng tatlo at itala ang maari mong gawin upang ipakita ang iyong pagkakawanggawa at pagkamahahabagin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



| Mga Paraan ng Pagkakawanggawa at Pagkamahahabagin sa kapwa |
|---|
| 1. |
| 2. |
| 3. |

**Sagutin:**

1. Ano-ano ang mga kalamidad na naranasan ng bansang Pilipinas?

2. Paano mo maisasakatuparan ang pagkakawanggawa sa iba't-ibang pagkakataon?

3. Bakit mahalaga ang pagkakawanggawa at pagkamahahabagin sa kapwang-tao?



# Suriin

**Tandaan**

**Kapit-kamay sa Pagdamay**

Ang pagbibigay ng tulong sa panahon ng kalamidad ay mahalaga upang makapagligtas ng buhay. Ang pagbibigay ng babala o impormasyon ay nakakatulong din para sa kaligtasan ng marami. Lahat ng tao ay may pangangailangan

Ang pagiging bukas-palad ay pagbibigay kung ano ang mayroong kanang bukal sa kalooban. Ibahagi sa iba ang biyayang mayroon ka na maluwag sa damdamin at walang inaasahang kapalit. Lubos na kasiyahan ang maidudulot nito sa iyo. Kapag tapat at totoo ang damdamin sa pagbibigay o pagbabahagi tiyak na pagpapalain ka ng Maykapal at mapasasaya ang iyong kapwa.

Ang pagtulong ay walang pinipiling oras o tao na dapat tulungan. Malaki o maliit mang pagtulong sa kapwa at di mahalaga. Mahalaga ay naktulong ka sa iyong kapwa sa anumang paraan iyong nakayanan. Lahat ng nangangailangan ay dapat tulungan. Saya ang dulot sa mga taong tinutulungan sapagkat nararamdaman nila ang pagdamay at pag-alala sa kanilang mga pangangailangan.

Hindi nakakalimot ang Panginoon at lagi niyang nakikita ang pagtulong mo sa iyong kapwa ayon sa kasabihan "Ang laging tumutulong sa kapwa at siyang laging pinagpapala."

**Sagutin:**

1. Anu-anong mga pagtulong sa kapwa ang iyo nang naisagawa?

2. Bakit kailangan nating tulungan an gating kapwang nangangailangan?

3. Anu-ano ang mabuting dulot sa iyo ng pagtulong sa kapwa?

4. Ano ang kahalagahan ng pagtulong sa kapwa?

5. Ano ang iyong nararamdaman kapag ikaw ay nakakatulong sa iyong kapwa?
   Sa iyong palagay, ano kaya ang nararamdaman ng iyong kapwa na iyong natulungan?]







# Pagyamanin

Sukatin ang lalim ng iyong kaalaman ukol sa iba't ibang paraan ng pagkakawanggawa at pagkamahahabagin.

**Patnubayang Gawain 1: Kapares ko**

**Panuto:** Suriin ang mga larawan sa Hanay A at itambal ito sa iba't-ibang paraan na nagpapakita ng pagkakawanggawa at pagkamahahabagin, na nakasaad sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa papel.

**A**

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

**B**

A. Pagbibigay ng mga donasyon tulad ng pagkain, damit, gamot at iba pa.

B. Pagbibigay ng pansamantalang tahanan upang may matirhan/masilungan.

C. Paglikom ng pera para sa mga biktima ng kalamidad/sakuna.

D. Pagbibigay ng impormasyon, babala sa panahon ng sakuna/kalamidad.

E. Pagbibigay ng libreng gamutan sa mga biktima o mga taong naapektuhan ng kalamidad.

**Pagtatasa 1**

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang **Tama** kung ang pahayag ay nagsasabi ng totoo at **Mali** kung hindi.

1. Ang pagkakawanggawa ay pana-panahon lamang.
2. Kambal ng pagkakawanggawa at pagkamahahabagin.
3. Nauunang nararamdaman ang pagkamahahabagin, kaya nagkakawanggawa ang tao.
4. Ang pagbibigay ng benepisyo sa mga nasalanta ng mga sakuna at iba pang nangangailangan ay nakatutulong upang umunlad ang lipunan.
5. Ang tunay na pagkakawanggawa ay mula sa puso.



# Isaisip

**Panuto**: Basahin at sagutin ang sumusunod na tanong:

Sa bahaging ito, ikaw ay sasagot ng mga katanungan na nalayong matukoy ang lawak ng iyong matutunan sa paksang pinag-aralan.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang pagkakawanggawa?

2. Bakit mahalagang may mga babala at nagbibigay ng impormasyon sa panahon ng sakuna o kalamidad?

3. Anu-ano ang gawaing maaaring pangunahan ng mga kasing edad mo kung may mga sakuna o kalamidad?

4. Anu-anong ugali Pilipino ang namamalas sa tuwing may sakuna/kalamidad?



# Isagawa

**PANUTO:** Sumulat ng isang talata na nagpapakita ng iba’t-ibang paraan ng pagkakakawanggawa/pagkamahahabagin sa kapwa sa panahon ng kalamidad o sakuna.

**Rubrics sa Pagmamarka ng isinulat na Talata**

| **Mga Batayan** | **Antas ng Pagmamarka** | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **2** |
| 1. Nilalaman | Naipahayag sa talata ang iba’t-ibang paraan ng pagkakakawanggawa at pagkamahahabagin sa kapwa | Hindi masyadong naipahayag ang iba’t-ibang paraan ng pagkakakawanggawa at pagkamahahabagin sa kapwa | Malayo sa paksa ang naisulat na talata. |
| 2. Organisayson | Mahusay ang pagkakasulat ng talata. Nagkakasunod-sunod ang mga ideya. May panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkakasulat may panimula at konklusyon. | Hindi maayos ang pagkakasulat ng talata. Walng panimula, katawan at konklusyon. |



# Tayahin

**Panuto**: Pag-aralan ang bawat tanong o pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Nabalitaan mong nasalanta ng bagyo ang iyong kaibigan. Ano ang gagawin mo?
   A. Hayaan na lang sila
   B. Tulungan kung ano man ang kailangan nila
   C. Sabihin sa mga kapitbahay
   D. Isumbong sa pulis

2. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa?
   A. Tulungan ang nasalanta ng bagyo.
   B. Suntukin ang kaaway.
   C. Huwag bigyan ng pagkain.
   D. Pabayaan ang mga nangangailangan.

3. Ano ang gagawin mo kapag may nakuha kang impormasyon tungkol sa paparating na bagyo?
   A. Ipagsawalang kibo ang narinig na balita
   B. Huwag seryosohin ang balita
   C. Ibahagi ito sa mga kapitbahay upang makapaghanda
   D. Bigyan ng ibang kahulugan ang balita

4. Bilang isang estudyante, paano ka makatutulong sa mga biktima ng kalamidad gaya ng bagyo?
   A. Magbigay ng donasyon tulad ng damit at *groceries*
   B. Manood ng telebisyon buong araw
   C. Magbasa ng mga pahayagan para malaman ang nangyayari sa bawat lugar
   D. Magkaroon ng kamalayan sa mga nangyayari sa paligid

5. Bakit isinasagawa ang *Community-based Disaster and Risk Management*?
   A. Upang maligtas ang maraming buhay at ari-arian kung ang pamayanan at may maayos na plano
   B. Mabibigyan karampatang solusyon nag mga suliranin dilot ng *Hazard* at Kalamidad kung ang lahat ng sector ay may organisadong plano
   **C.** Upang mabawasan ang epekto ng *Hazarad* at Kalamidad upang maging handa ang komunidad at upang maiwasan ang pinsala sa buhay at ari



# Susi sa pagwawasto

**Subukin**

1. B
2. A
3. C
4. A
5. D

**Balikan**

1. baha
2. bagyo
3. sunog
4. lindol
5. tsunami
6. landslide

**Tuklasin**

Posibleng Sagot:

1. Pagbibigay ng pagkain at gamot sa nasalanta ng bagyo
2. Pagbibigay ng relief goods
3. Pagbibigay ng pansamantalang tirahan

**Sagutin**

1. Bagyo, lindol, baha, landslide at sunog
2. Posibleng Sagot-
   - Sa pamamagitan ng pagtulong ng walang pag-aalinlangan sa anumang paraan.
3. Dahil tungkulin natin bilang nilalang na makialam o o makisangkot sa mgapangyayaring nangangailangan ng tulong.

**Pagyamanin**

**Patnubayang Gawain 1: Kapare**

1. C
2. B
3. A
4. D
5. E

**Pagtatasa 1:**

1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Tama

**Isaisip**

Posibleng Sagot:

1. Ito ang pagkusang pagtulong sa kapwa sa anumang oras
2. Upang makapaghanda sa darating na kalamidad
3. Paglikom ng pera upang makapagbigay ng donasyon

Pagtutulungan, pakikiramay sa kapwa

**Isagawa**

Maaaring magkaiba ang nilalaman ng mga talata. Gamitin ang rubrics sa pagmamarka.

**Tayahin**

1. B
2. A
3. C
4. A
5. D

**Karagdagan ng Gawain**

Ang poster ay maaaring magkaiba ng nilalaman. Gamitin ang rubrics sa pagmamarka.

## *Sanggunian*


Aklat

- Kagawaran ng Edukasyon,Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon 5 (Manwal ng Guro)DepEd-BLR, 2016.p. 28-29
- Kagawaran ng Edukasyon , Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon 5 (Batayang Aklat) DepEd-BLR, 2016 p. 92-97



Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

| | |
|---|---|
| Manunulat: | **Sheila V. Sumibcay**<br>Teacher-I<br>TAMPALAN ELEMENTARY SCHOOL<br>Isabela City Schools Division |
| Editor: | Maad A. Ismael, MA, Ed |
| Tagasuri: | Murada M. Danial, EdD |
| Tagaguhit: | Nemia S. Tan |
| Tagalapat: | Maad A. Ismael |
| Tagapamahala: | Julieto H. Fernandez, EdD, CESO VI – OIC ASDS<br>Ma. Laarni T. Villanueva, EdD, CESE<br>Eduardo G. Gulang, SGOD Chief<br>Henry R. Tura, CID Chief<br>Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor<br>Violeta M. Sta.Elena, EPS – EsP, ADM Module Coordinator |

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.